Depinisyon ng Pahintulot ng Pagsang-ayon

Ang pahintulot ng pagsang-ayon ay isang batid, boluntaryo at napagkasunduang desisyon ng lahat ng kalahok upang sumali sa sekswal na aktibidad. Maaaring ibigay ang pahintulot sa pamamagitan ng mga salita o aksyon, basta't ang mga salita o aksyong iyon ay nagbibigay ng malinaw na pahintulot hinggil sa kagustuhang sumali sa sekswal na aktibidad. Ang katahimikan o kawalan ng pagtutol lamang ay hindi nangangahulugan ng pagpapahintulot. Ang depinisyon ng pahintulot ay hindi nag-iiba batay sa kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian o ipinapahayag na kasarian ng isang kalahok.

Ang pahintulot sa anumang sekswal na gawain o naunang may pahintulot na sekswal na aktibidad sa pagitan ng o sa sinumang partido ay hindi nangangahulugan na nagbibigay pahintulot din sa iba pang sekswal na gawain.

Ang pahintulot ay kinakailangan pa rin kahit na nasa impluwensiya ng mga droga at/o alak ang taong nagpapasimula ng pagkilos.

Maaaring magbigay ng pahintulot sa umpisa ngunit maaaring bawiin sa anumang oras.

Ang pahintulot ay hindi maaaring ibigay kapag ang isang tao ay walang kakayahan, na nangyayari kapag walang kakayahan ang indibiduwal na kusang piliin ang sumali sa sekswal na aktibidad. Ang kawalan ng kakayahan ay maaaring dulot ng kawalan ng kamalayan o pagiging tulog, nang hindi kinukusang pigilan, o kung dili kaya'y hindi maaaring magbigay ng pahintulot ang indibiduwal. Depende sa antas ng pagkalango, ang isang taong nasa impluwensiya ng alak, droga o iba pang nagdudulot ng pagkalango ay maaaring walang kakayahan kaya hindi makakapagbigay ng pahintulot.

Hindi maaaring magbigay ng pahintulot kung ito ay bunga ng anumang pamumuwersa, pananakot, pamimilit o pagbabanta ng pinsala.

Kapag binawi ang pahintulot o hindi na maibibigay, dapat tumigil ang sekswal na aktibidad.

Amnestiya mula sa Mga Paratang Hinggil sa Paggamit ng Droga at Alak

Pinakamahalaga ang kalusugan at kaligtasan ng bawat estudyante sa Rockland Community College. Inaamin ng RCC na ang mga estudyanteng umiinom at/o gumagamit ng mga droga (boluntaryo man o hindi boluntaryo ang nasabing paggamit) sa panahong mangyari ang karahasan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, pagmamanman o sekswal na pang-aatake, ay maaaring mag-alangang iulat ang nasabing mga insidente dahil sa takot ng posibleng mga kahihinatnan para sa kanilang sariling pag-uugali. Mahigpit na hinihikayat ng RCC ang mga estudyante na iulat sa mga opisyal ng institusyon ang karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, pagmamanman o sekswal na pang-aatake. Ang isang taong naroroon sa insidente ngunit hindi sangkot dito na kumikilos nang may mabuting hangarin o isang nag-uulat na indibiduwal na kumikilos nang may mabuting hangarin na nagsisiwalat ng anumang insidente ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, pagmamanman o sekswal na pang-aatake sa mga opisyal ng RCC o sa nagpapatupad ng batas ay hindi sasailalim sa pagkilos hinggil sa alituntunin ng pag-uugali ng RCC's para sa mga paglabag sa mga patakaran sa paggamit ng alak at/o droga na mangyayari sa o nang malapit sa oras ng paggawa ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, pagmamanman o sekswal na pang-aatake.

Mga Karapatan ng Estudyante

Ang lahat ng estudyante ay mayroong karapatang:

Mag-ulat sa lokal na nagpapatupad ng batas at/o pulisya ng estado:

Tratuhin nang seryoso ang mga paghahayag ng karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipag-date, pagmamanman at sekswal na pang-aatake;

Gumawa ng desisyon kung ihahayag o hindi ang isang krimen o paglabag at lumahok sa proseso ng panghukuman o pag-uugali at/o proseso ng kriminal na hustisya nang walang pamumuwersa ng institusyon;

Lumahok sa isang prosesong patas, walang kinikilingan at nagbibigay ng sapat na abiso at ng isang makabuluhang pagkakataong madinig;

Tratuhin nang may dignidad at makatanggap mula sa institusyon ng mapitagan, patas at may paggalang na pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo sa pagpapayo, kung saan mayroon;

Maging malaya sa anumang mungkahi na may kasalanan ang nag-uulat na indibiduwal noong ginawa ang mga krimen at paglabag nito, o na dapat ay kumilos sa ibang paraan para maiwasan ang mga nasabing krimen o paglabag;

Ilarawan ang insidente sa kaunti lamang, hangga't maaari, na kinatawan ng institusyon at hindi kinakailangang ulitin ang paglalarawan ng insidente.

Protektahan mula sa paghihiganti ng institusyon, sinumang estudyante, ang akusado at/o ang nasasakdal, at/o ang kanilang mga kaibigan, pamilya at kakilala sa hurisdiksyon ng institusyon;

Magkaroon ng daan sa kahit isang antas ng apela ng pagpapasiya;

Samahan ng isang pipiliing tagapayo na maaaring tumulong at magpayo sa nag-uulat na indibiduwal, akusado o nasasakdal sa buong proseso ng panghukuman o pag-uugali kabilang ang sa lahat ng pulong at pagdinig na may kaugnayan sa nasabing proseso;

Gamitin ang mga karapatan bilang mamamayan at kasanayan sa relihiyon nang hindi panghihimasukan ng nagsisiyasat at kriminal na hustisya, o ng proseso ng panghukuman o pag-uugali ng institusyon.

Ang mga karapatan ay ipatutupad anuman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, paniniwala, edad, kapansanan, kasarian, kinikilala o ipinapahayag na kasarian, seskwal na oryentasyon, estado ng pamilya, pagbubuntis, paglalantad ng mga katangian ng henetiko, estado bilang militar, estado bilang biktima ng karahasan sa tahanan o paghatol hinggil sa krimen at kung nangyari man ang krimen o paglabag sa campus, wala sa campus o habang nag-aaral sa ibang bansa.

Mayroon kang karapatang mag-ulat sa Pulisya ng Unibersidad o Security ng Campus, nagpapatupad ng batas sa lugar, at/o Pulisya ng Estado o piliing huwag mag-ulat; iulat ang insidente sa iyong institusyon; protektahan ng institusyon mula sa paghihiganti dahil sa pag-uulat ng isang insidente; at tumanggap ng tulong at mga mapagkukunan mula sa iyong institusyon.